# Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 43

"14 Kayo ang ilaw ng sanglibutan. Ang isang bayan na natatayo sa ibabaw ng isang bundok ay hindi maitatago. 15 Hindi rin nga pinaniningasan ang isang ilawan, at inilalagay sa ilalim ng isang takalan, kundi sa talagang lalagyan ng ilaw; at lumiliwanag sa lahat ng nangasa bahay. 16 Lumiwanag na gayon ang inyong ilaw sa harap ng mga tao; upang mangakita nila ang inyong mabubuting gawa, at kanilang luwalhatiin ang inyong Ama na nasa langit." (Mateo 5:14-16)

Sa aklat ng Genesis nang nakita ng Panginoon ang lupa na nasa kadiliman, walang hugis, at walang anumang mabuti doon, ang Panginoon ay nag utos na magkaroon ng liwanag sapagkat yaon ay kinakailangan upang ang mga bagay ay makita ng malinaw. "2 At ang lupa ay walang anyo at walang laman; at ang kadiliman ay sumasa ibabaw ng kalaliman; at ang Espiritu ng Dios ay sumasa ibabaw ng tubig. 3 At sinabi ng Dios Magkaroon ng liwanag; at nagkaroon ng liwanag. 4 At nakita ng Dios ang liwanag na mabuti, at inihiwalay ng Dios ang liwanag sa kadiliman." (Genesis 1:2-4) Ito ay mabuti na mayroong liwanag upang makita ng mga tao ang nasa harapan nila, kung saan pupunta o saan kikilos, at ano ang susunod na gagawin.

Para sa parehong layunin idinagdag ng Diyos at nilikha ang dakilang liwanag sa Langit, ang araw para sa umaga at ang buwan at mga bituin para sa gabi, "14 At sinabi ng Dios, Magkaroon ng mga tanglaw sa kalawakan ng langit upang maghiwalay ng araw sa gabi; at maging pinakatanda, at pinakabahagi ng panahon, ng mga araw at ng mga taon: 15 At maging pinakatanglaw sa kalawakan ng langit, upang tumanglaw sa ibabaw ng lupa: at nagkagayon. 16 At nilikha ng Dios ang dalawang malaking tanglaw; ang malaking tanglaw ay upang magpuno sa araw, at ang maliit na tanglaw ay upang magpuno sa gabi: nilikha rin niya ang mga bituin. 17 At mga inilagay ng Dios sa kalawakan ng langit, upang tumanglaw sa ibabaw ng lupa, 18 At upang magpuno sa araw at sa gabi, at upang maghiwalay ng liwanag sa kadiliman: at nakita ng Dios na mabuti. 19 At nagkahapon at nagkaumaga ang ikaapat na araw." (Genesis 1:14-19)

Mababasa rin natin iyon ang isang babae na hinahanap ang kanyang nawawalang barya kanyang sinidihan ang kandila, "8 O aling babae na may sangpung putol na pilak, na kung mawalan siya ng isang putol, ay hindi baga magpapaningas ng isang ilawan, at wawalisan ang bahay, at hahanaping masikap hanggang sa ito'y masumpungan niya? 9 At pagka nasumpungan niya, ay titipunin niya ang kaniyang mga kaibigan at mga kapitbahay, na sinasabi, Makipagkatuwa kayo sa akin, sapagka't nasumpungan ko ang isang putol na nawala sa akin. 10 Gayon din, sinasabi ko sa inyo, na may tuwa sa harapan ng mga anghel ng Dios, dahil sa isang makasalanang nagsisisi." (Lucas 15:8-10) Ang kandila ay kailangang maiderikta sa lugar na kailangan ng liwanag. Para saliksikin sa mga bagay kailangan natin ng liwanag upang ating makita at makilala kung nasaan sila at malaman ang katotohanan.

Ang liwanag ay nakapa kailangan para sa mga mata upang makakita. Kung mayroon kang mga mata ngunit walang liwanag hindi ka makakakita. Si Jesus sa Mateo 5 sinabi sa Kanyang mga disipolo pagkatapos Niyang ipinahayag sa kanila ang Kanyang utos kung paano mabuhay sa mga detalye mula sa talata 2 hanggang 12, at inihayag sa kanila na sila'y ang asin ng lupa, sinalita sa kanila: "14 Kayo ang ilaw ng sanglibutan. Ang isang bayan na natatayo sa ibabaw ng isang bundok ay hindi maitatago. 15 Hindi rin nga pinaniningasan ang isang ilawan, at inilalagay sa ilalim ng isang takalan, kundi sa talagang lalagyan ng ilaw; at lumiliwanag sa lahat ng nangasa bahay. 16 Lumiwanag na gayon ang inyong ilaw sa harap ng mga tao; upang mangakita nila ang inyong mabubuting gawa, at kanilang luwalhatiin ang inyong Ama na nasa langit." (Mateo 5:14-16)

"14 Kayo ang ilaw ng sanglibutan. Ang isang bayan na natatayo sa ibabaw ng isang bundok ay hindi maitatago." (Mateo 5:14) Ang mga tao sa sanglibutan ay mayroong mga mata at kanilang nakikita kung anong nangyayari sa sanglibutan ng may liwanag ng araw, ng buwan, ng mga bituin, ng mga ilaw ng kuryente, atbp. Ngunit hindi nila magawang makita ang katotohanan, at ang nakatagong mga bagay at kung ano ang nangyayari; at dito si Jesus ay sinalita sa Kanyang mga disipolo at sa atin ngayon, Kayo ang liwanag ng sanglibutan, na tayo ang liwanag sa kanila at upang makita nila ang katotohanan, at marinig ang totoo at makilala ang katotohanan, sa pagdadala sa kanila ng Salita ng Diyos at ipaliwanag sa kanila kung ano ang nakatago at kung ano ang nangyayari sa paligid nila. Tayo ay ang liwanag ng sanglibutan sapagka't tayo ay may pananagutan upang sabihin sa kanila ang tungkol sa Diyos na lumikha sa kanila at umiibig sa kanila, tayo'y may pananagutan sa kanila ang tungkol sa buhay pagkatapos ng kamatayan at ng buhay na inihanda ng Diyos para sa mga naniniwala sa Kanya at nagagalak lumakad sa Kanyang mga paraan. Tayo'y may pananagutan para sabihin sa kanila ang Salita ng Diyos at kung paanong nais ng Diyos sa kanila na isabuhay ang kanilang bubay sa Diyos. Si Jesus ang liwanag ng sanglibutan gaya ng kanyang sinabi, "12 Muli ngang nagsalita sa kanila si Jesus, na sinasabi, Ako ang ilaw ng sanglibutan: ang sumusunod sa akin ay hindi lalakad sa kadiliman, kundi magkakaroon ng ilaw ng kabuhayan." (Juan 8:12) Ipinangko ni Jesus sa mga susunod sa Kanya ay hindi lalakad sa kadiliman, kundi sila'y magkakaroon ng liwanag. Nang magkagayo'y, batay doon, tayo'y mayroong liwanag sa sanglibutan, sapagkat natanggap na natin yaon mula kay Jesus gaya ng ating napagpasyahan na sumunod sa Kanya.

Sa gayon, bilang tinanggap natin ang liwanag mula kay Jesus tayo'y naging liwanag sa lupa at iyan ay nagsasangkot sa atin na kailangan nating ibigay at dalhin ang liwanag sa iba na walang liwanag at hindi nakikita ang mga bagay na nakatago sa kanila. Ang suliranin na ating haharapin una ay yaong mga tao na hindi nalalaman na sila'y bulag. Ganon din kailangan nating dalhin ang liwanag hindi lamang sa mga taong nakapaligid sa atin kundi sa buong sanglibutan na kailangan ng liwanag. Ang liwanag ay ang Salita ng Diyos at tayo'y tinawag upang dalhin ang Salita ng Diyos sa buong sanglibutan. "105 Ang salita mo'y ilawan sa aking mga paa, at liwanag sa aking landas." (Awit 119:105) Ang Salita ng Diyos ay ilawan at ang liwanag ay para sa mga tao para makakita at lumakad sa landas na inihanda para sa kanila upang lakaran.

Ang isang bayan na natatayo sa ibabaw ng isang bundok ay hindi maitatago. Sino ang bayang ito, siguro ang bayan na si Jesus ay nangaral at nagturo? Siguro ang Nazareth kung saan itinayo sa kabundukan o sa Capernaum na matatagpuan sa mataas? Malamang

habang si Jesus ay nagsasalita sa Kanyang mga disipolo, ibig Niyang sabihin sa bayan ay ang Kanyang simbahan na binubuo ng mga disipolo, ang liwanag ng sanglibutan, na kailangang magkasamang gumawa upang dalhin ang Salita ng Diyos, ang kaliwanagan ng Diyos, sa buong sanglibutan.

Ang pagkakaisa ay kinakailangan upang dalhin ang liwanag ng Salita ng Diyos sa buong sanglibutan. Ang isang bayan na natatayo sa ibabaw ng isang bundok ay hindi maitatago. Kailangan nating ipahayag at ibahagi ang Salita ng Diyos sa buong sanglibutan. Ang bayan, ang simbahan, ay itataas bilang upang maging liwanag sa iba bilang ilawan na nakabitin sa mataas na dako upang magbigay liwanag sa at ipakita ang daan sa iba. Ang simbahan ay hindi dapat itago ang Salita ng Diyos at ang katuruan ni Jesus upang ang iba ay makatanggap ng liwanag at makalakad at sumunod kay Cristo, at bilang kapalit ibibigay rin nila ang liwanag sa iba.

Ang isang bayan na natatayo sa ibabaw ng isang bundok ay hindi maitatago. gaya ng isang lunsod na itinayo sa matataas na dako ay hindi maitatago gayundin, ni ang mga aral na itinuturo ng mga apostol at tayo bilang mga disipolo ngayon ay inaatasan na mangaral ni itago o ilingid sa mga tao. Kaya hindi tayo dapat mag-atubili na ipahayag sa buong konseho ng Diyos, ni umiwas sa pagsaway at paguusig ng mga tao. Tayo bilang liwanag para sa sanglibutan ay tinawag upang mag-aral at magsaliksik upang tayo'y magamit para ipagtanggol ang Mabuting Balita ni Jesus , upang ang Kanyang liwanag at Kanyang Salita ay umabot sa buong sanglibutan.

Hindi rin nga pinaniningasan ang isang ilawan, at inilalagay sa ilalim ng isang takalan, Ang kandila na inilawan upang magbigay liwanag ay dapat hindi itago o takipan ng anumang bagay. Ang kandila, ang mabuting balita ni Jesus, ay hindi dapat ikulong sa lupain ng Judea, bagkus magliwanag sa buong mundo, upang ilipat sa bawat lugar, at kung saan man ito ay nakalagay, ito'y nagbibigay ng liwanag, upang alisin ang kadiliman.

Tungkol sa kandila, ito'y hindi palaging nagniningas nang malinaw, kaya nangangailangan ito ng malasakit at pangangalaga. Sa parehong paraan, tayo bilang mga kandila na gagamitin ng Panginoon upang dalhin ang liwanag sa katapusan ng sanglibutan, kailangan nating maging handa at panatilihin ang ating mga sarili sa pagpapatuloy ng pagbabasa ng Salita ng Diyos sa Bibliya, pinagaaralan ang Banal na Kasulatan at ang mga paliwanag, upang ating mapanatili ang ating mga sarili at tanggapin kung ano ang nais ng Diyos upang mabatid at dalhin sa iba.

Ngayon kapag ang kandila ay naningasan ng tao, silay hindi ilalagay sa ilalim ng takalan. Ang kahulugan dito ay huwag itago ang Salita ng Diyos. Ito'y parehong kapakinabangan sa paggawa at paglakad sa Salita ng Diyos. Iniliwan ni Cristo ang kandila ng walang hanggang Ebanghelyo, ang Kanyang Salita, nang siya ay ipinako at namatay sa krus, at ibinigay Niya ang Espirituwal na mga kaloob sa mga tao para sa ministeryo nito, huwag itago o pabayaan, o upang gamitin gaya ng ginawa ng alagad sa salapi ng kanyang panginoon, ibinalot sa napkin, at itinago ito sa lupa. Habang iyong tinanggap ang mga kaloob ng Banal na Espiritu kailangan mong ipadala ang Salita ng Diyos ng masigasig, huwag pabayaan ang kaloob na nasa inyo, at huwag itago ang mga talento dahil ikaw ay tamad o itinago mo ang Salita ng Diyos dahil ikaw ay takot sa paguusig at iwasan ang mba sa pagkakasala laban sayo.

Ganon din hindi dapat tayong malinlang, sa ilang panahon kapag tayo'y may Salita at mayroong liwanag, maaring ito'y walang masyadong halaga sa atin sapagkat mayroon na tayo. ngunit itoy mas mahalaga sa iba na wala nito, sa gayon huwag nating ipagkait sa kanila at sa iba na wala nito, kaya ikaw ay tinawag upang ipangaral at dalhin ang Kanyang Salita sa kanila.

Sa tiyak na panahon, kapag akoy nagtuturo at nagpapahayag sa mga nasa paligid ko, ang ilan sa kanila'y nayayamot dahil kanila ng narinig kung anong aking ipanapahayag, ngunit simple kong sinasabi ko sa kanila, sobra kanang napakain, kaya naman ikaw ay nayayamot, ikaw ay napuspos at nagsimulang sumipa, ngunit may ibang nakikinig ng parehong mensahe, at sila pinagpala at magkakaroon ng liwanag, si JesuCristo at ang Kanyang Salita at kanilang makikita kung saan nila kailangan lumakad at saang direksyon na sumunod.

Ngunit, mga tao, kapag kanilang sinindihan ang kandila, , kundi sa talagang lalagyan ng ilaw; at lumiliwanag sa lahat ng nangasa bahay; kaya't mayroong isang lalagyan para sa kandila nagniningas na mailagay sa kandelero, upang ayusin at magbigay liwanag sa buong bahay, at sa buong simbahan, at sa lahat ng kapatiran at sa mga manggagawa ng simbahan. Kailangan nating iderikta ang liwanag patungo sa madilim na bahagi sa matatamaan ng liwanag. Kailangan nating ikalat ito sa lahat ng mga lugar, pagbibigay ng kinakailangan mensahe, at sa natatanging pang iilaw upang gawing tunay na maiihayag ng malinaw. Para saan na tayo'y nabautismihan ng Banal na Espiritu, kundi ipadala ang Kanyang Salita at ang Kanyang liwanag sa buong sanglibutan.

Sa aklat ng Pahayag ang kandelero at ang mga simbahan ni Cristo. "12 At ako'y lumingon upang makita ang tinig na nagsasalita sa akin. At nang ako'y lumingon ay nakita ko ang pitong kandelerong ginto: 13 At sa gitna ng mga kandelero ay may isang katulad ng isang anak ng tao, na may suot na damit hanggang sa paa, at may bigkis ang dibdib na isang pamigkis na ginto. 20 Ang hiwaga ng pitong bituin na iyong nakita sa aking kanang kamay, at ng pitong kandelerong ginto. Ang pitong bituin ay ang mga anghel ng pitong iglesia: at ang pitong kandelero ay ang pitong iglesia." (Pahayag 1:12-13, 20) Dito si Jesus ay nasa kalagitnaan ng pitong ginintuang kandelero, hinahawakan ang Kanyang mga simbahan, na may pananagutan upang dalhin ang Salita ng Diyos. Kaya't dito ang liwanag ay magiging tungkulin gaya ng simbahan ng Diyos upang ikalat ang Salita ng Diyos at ang Kanyang sa mga tao ng sansinukob. Ang mga anghel ay ang ministerio ng ebanghelyo o ang mga pinuno ng mga simbahang ito. Kaya't dito tayo bilang simbahan at mga pinuno ng simbahan ay may pananagutan upang ipadala ang liwanag sa buong sanglibutan, sa mga kapatiran at sa mga nawawala.

Lumiwanag na gayon ang inyong ilaw sa harap ng mga tao; upang mangakita nila ang inyong mabubuting gawa, at kanilang luwalhatiin ang inyong Ama na nasa langit." (Mateo 5:16)

Lumiwanag na gayon ang inyong ilaw sa harap ng mga tao; Ang liwanag dito ay ang liwanag ng Ebanghelyo, na ibinigay ni Jesus sa mga alagad at sa atin ngayon. Ang liwanag ay hindi ibinigay sa kanila at sa atin para sa ating pansariling pang pribadong gamit, kundi para sa karamihan mabuti sa lahat ng sangkatauhan; at sa gayon, habang sila at tayo ngayon ay inilagay bilang liwanag sa sanglibutan, kailangan nating panindigan, sa pinaka bukas at kapansin pansin na paraan, ang Salita ng liwanag at ng buhay sa buong sanglibutan, at hindi dapat tayong maging makasarili at kalimutan ang ating responsibilidad upang ipaliwanag ang Salita ng Diyos. Lumiwanag nawa ang iyong liwanag sa harap ng mga tao. Kailangan nating magliwanag sa pinakamarami sa paggawa ng lahat ng ating magagawa upang makipagusap at dalhin at ipalaganap ang Salita ng Diyos sa mgatao na nangangailangan niyaon.

Lumiwanag nawa ang inyong ilaw sa harap ng mga tao: Ang liwanag lamang ang kailangan natin upang ipadala at upang makipagusap sa mga tao at walang ibang bagay: walang pagmamalaki, walang kamunduhan, walang mga aktibidadis, walang mga diosdiosan, walang mga pagsasanay, walang maling katuruan, at walang pagmamapuri.

na makakita nila ang inyong mabubuting gawa: Ang mabubuting gawa, ibig sabihin ang iyong kasigasigan, kasipagan, ang iyong pagkamatapat, ang iyong katapatan at ang iyong integridad; ang iyong katapangan at ang iyong kasipagan, sa pagpapahayag ng Ebanghelyo, ang iyong pagiging mahigpit sa pagsaalang alang sa katotohanan at sa iyong mabuting halimbawa sa buhay.

at kanilang luwalhatiin ang inyong Ama na nasa langit. Kapag ang bagong naabot na mga kaluluwa ang kanilang kaisipan ay naliliwanagan ng mensahe ng Ebanghelyo, hinatulan ang kanilang kasalanan, nagsisi, muling nabuo, napagpabagong loob, at pinabanal maari silang magbigay papuri sa Diyos, at pagpalain ang Kanyang pangalan, ang ating Ama na nasa Langit, para sa pagiging marapat at ipadala ang ganoong Ebanghelyo ng gawain upang ipakita sa kanila ang daan ng kaligtasan: at iyon ay ang Salita na nagawa at kapaki pakinabang sa kanila para sa pakikipagusap sa espirituwal na liwanag, buhay, kagalakan, kaginhawaan, at kaligtasan.

"17 Huwag ninyong isiping ako'y naparito upang sirain ang kautusan o ang mga propeta: ako'y naparito hindi upang sirain, kundi upang ganapin." (Mateo 5:17) Sinasabi ngayon ni Jesus sa Kanyang mga alagad na Siya ay darating upang tuparin ang kautusan at ang ipinahayag ng mga propeta. Sinasabi Niya sa kanila na mawala man ang Langit at lupa, walang maglalaho sa kautusan ng Diyos, kundi ito'y magaganap. "18 Sapagka't katotohanang sinasabi ko sa inyo, Hanggang sa mangawala ang langit at ang lupa, ang isang tuldok o isang kudlit, sa anomang paraan ay hindi mawawala sa kautusan, hanggang sa maganap ang lahat ng mga bagay." (Mateo 5:18) Sinasabi ni Jesus sa Kanyang mga alagad na ang Diyos ay seryoso upang ipatupad ang lahat ng Kanyang sinabi sa Kanyang Salita sa Lumang Testamento, sa sinulat ni Moises at sa sinulat ng mga Propeta. Sinasabi rin ni Jesus na sa mga Judio na Siya'y hindi pumarito upang sirain ang kautusan at ang sinulat ng mga propeta. Sinabi Niya iyon upang hindi nila siya mapagpagkamalan. Hindi Siya dumating upang isantabi ang kautusan at mga propeta. Sinabi ni Jesus na Siya'y pumarito upang tuparin ang kautusan at isabuhay ito. Yaon ay malinaw na mensahe sa Kanyang mga alagad at sa atin ngayon, na ipinadala Niya sila at ipinadala tayo ngayon upang gawin ang Kanyang Salita na nasa Mateo 5:13-16, sa gayon tayo'y tinawag upang tuparin ang Banal na Kasulatan at isabuhay ito. Sa Mateo 5:3-12, ang estilo ng buhay na nais ni Jesus sa atin upang isabuhay, at dapat yaon ay maganap ng may direksyon ng kautusan ng Diyos at ng mga utos ng mga propeta sa Lumang Testamento.

Ngayon dito kailangan tayong magliwanagan kung paano isabuhay at tuparin ang Kautusan at ang sinulat ng mga propeta, hindi kailangan sa literal na paraan kundi isabuhay ang layunin nito. At ang layunin ng kautusan at ng mga propeta, binuod ni Jesus sa mga sumusunod na mga pahayag nang Siya ay tinanong tungkol sa pinadakilang kautusan nang Siya ay tinanong ng isang tagapagtanggol tungkol doon: "35 At isa sa kanila, na tagapagtanggol ng kautusan, ay tinanong siya ng isang tanong, upang siya'y tuksuhin: 36 Guro, alin baga ang dakilang utos sa kautusan? 37 At sinabi sa kaniya, Iibigin mo ang Panginoon mong Dios ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong pagiisip mo. 38 Ito ang dakila at pangunang utos. 39At ang pangalawang katulad ay ito, Iibigin mo ang iyong kapuwa na gaya ng iyong sarili. 40 Sa dalawang utos na ito'y nauuwi ang buong kautusan, at ang mga propeta." (Mateo 22:35-40) Nilinaw ni Jesus sa Kanyang mga alagad at sa atin ngayon na kailangan nating tuparin ang Kautusan at ang propeta at gagawin natin yaon sa pagibig sa Diyos at sa pagmamahal sa ating kapwa, at sa pagibig sa ating sarili. Kinuha ni Jesus ang buod na ito mula sa Kautusan ni Moises: 1. "4 Dinggin mo, Oh Israel: ang Panginoon nating Dios ay isang Panginoon: 5At iyong iibigin ang Panginoon mong Dios ng iyong buong puso, at ng iyong buong kaluluwa, at ng iyong buong lakas." (Deutronomio 6:4-5) Kaya't dito ang tatlong bagay na kailangan maibigay sa Diyos sa kabuuan, ang puso, ang isip, ang kaluluwa, ang ating pagiisip, at ang ating kalakasan na mayroon tayo. 2. "Huwag kayong manghihiganti o magtatanim laban sa mga anak ng inyong bayan, kungdi iibigin ninyo ang inyong kapuwa na gaya ng sa inyong sarili: ako ang Panginoon." (Levitico 19:18) Dito ang Panginoon ay pinayuhan tayo na ibigin ang ating kapwa at huwag magkaroon ng sama ng loob o subukang maghiganti o gumanti. Kinakailangan ng higit na disiplina at pagsasanay at kahandaang magbago. "Sa dalawang utos na ito'y nauuwi ang buong kautusan, at ang mga propeta." (Mateo 22:40) Kaya sa kautusan ng pagibig sa Diyos, pagibig sa kapwa at pagibig sa ating mgaa sarili ay nakalagay sa lahat ng kasulatan ng kautusan at ng mga propeta. Ang ibig sabihin ni Jesus dito ang layunin ng mga kasulatang ito ng kautusan at ng mga propeta ay pagibig, at kailangan nating isabuhay ang kautusan at ang kasulatan ng mga propeta batay sa pagibig. Huwag gamitin ang kautusan para sa ating layunin o sa maling layunin, halimbawa para maghiganti: huwag gamitin ang kautusan at ang mga propeta upang ituloy ang ating pansariling plano at agenda. Ang kautusan at ang mga propeta ay ginamit sa haba ng panahon sa paraan ng pangghuhuthot upang manghuthot, upang mandaya, upang maghiganti, upang hatulan ang mga walang kamalay malay na mga tao at batuhin ang mga propeta at lalaki ng Diyos na nagsasalita ng Salita ng Diyos at sinasaway ang mga tao sa kanilang mga kasalanan.

Alam ni Cristo ang mga saloobin na nasa puso ng mga Judio, na sila ay nagkaroon ng gayong pagtatangi sa kanilang isipan laban sa Kanya: kaya kanyang sinabi, "Huwag magisip"; Alam Niya ng pagsalungat ng mga eskriba at ng mga Fariseo ay bumubuo gaya ng kanilang narinig sa Kanyang pangangaral at pagtuturo, at napakalaking pagpapabuti ang kanilang gagawin laban sa Kanya bilang

Messiah, at sa gayon pinigilan silang magsabi, "Akoy hindi pumarito upang sirain kundi ganapin." Sinundan ni Pablo ang parehong panindigan ni Jesus nang Siya ay nangangaral, "Niwawalan kaya nating kabuluhan ang kautusan sa pamamagitan ng pananampalataya? Huwag nawang mangyari: kundi pinagtitibay pa nga natin ang kautusan." (Roma 3:31) at siya'y nagpatuloy at sinabi, "Sapagka't si Cristo ang kinauuwian ng kautusan sa ikatutuwid ng bawa't sumasampalataya." (Roma 10:4) Pinapatunayan na si Cristo ay hindi lamang nagtatapos sa kautusan kundi Siya ay pumarito upang pagtibayin ang kautusan. Sinalita ni Pablo ang pareho tungkol sa pamamagitan ng ating pagibig sa ating kapwa matutupad natin ang kautusan, "8 Huwag kayong magkautang ng ano pa man sa kanino man, maliban na sa mangagibigan kayo: sapagka't ang umiibig sa kaniyang kapuwa'y nakaganap na ng kautusan. 9 Sapagka't ito, Huwag kang mangangalunya, Huwag kang papatay, Huwag kang magnanakaw, Huwag kang mananakim, at kung mayroon pang ibang utos, ay nauuwi sa salitang ito, sa makatuwid baga'y Ibigin mo ang iyong kapuwa na gaya ng sa iyong sarili. 10 Ang pagibig ay hindi gumagawa ng masama sa kaniyang kapuwa: ang pagibig nga ay siyang katuparan ng kautusan." (Roma 13:8-10) Sa paliwanag na ito ni Pablo ating maintindihan ang pinaka halaga ng kautusan ng Diyos at maari nating tuparin ang kautusan ng Diyos. Ang kautusan ay nariyan upang maiwasan ang mga gulo, mga pagpatay, mga kasalanan, pangangalunya, maling saloobin at mga imahinasyon sa laman, kasakiman, at kaya naman inutusan tayo huwag magimbot. Ang layunin ng kautusan ay hindi upang manakit at gumawa ng masama sa ating kapwa at yaon ay pagibig. Kapag ginawa natin iyon ipinagtatangol din natin at iniibig ang ating mga sarili.

Ako'y tinanong kamakailan ng isang tao kun ano ang kahulugan ng sinabi ni Jesus, "At kung ano ang ibig ninyong sa inyo'y gawin ng mga tao, gayon din ang gawin ninyo sa kanila." (Lucas 6:31) Sinabi ko na may kinalaman sa kaugnayan na kailangan mong panatilihin mga taong nakapaligid sayo. Ibigay sa kanila ang kanilang karapatan gaya ng nais mong tanggapin ang iyong karapatan. Sinabi ko, igalang ang iyong mga magulang upang patuloy mong tanggapin ang pagaalaga mula sa kanila at tanggapin ang pagpapala sa Diyos. Mag aral at sumunod sa iyong mga guro, upang matuto ka at makapasa sa iyong mga pagsusulit sa paaralan. Sumunod sa pumunuan ng pamahalaan at bayaran ng kinakailangang bayarin upang patuloy na tanggapin ang kanilang serbisyo. Tinanong niya kung paano yaon ilalapat sa sinabi ni Jesus sa pagbili at pagbenta? Sinabi ko kung ikaw ay nagbebenta sa gayon kunin ang isang katanggap tanggap na halaga ng kita at huwag sa malaking halaga upang ang mamimili ay palaging babalik sayo. Ngayon narito ang pagibig patungo sa kapwa ay hindi sa pagbebenta ng may malaking tubo at ang pagibig tungo sa ating sarili sa hindi sa pagbebenta ng napaka mababang presyo.

Ganon din sa pagmamahal sa Diyos sa pagsunod sa Kanyang kautusan matatangap ang Kanyang pagibig na ipinadala niya sa atin. Kaya anuman ang tungkulin kailangan nating gawin sa iba ay maari nating matanggap ang mga pribelihiyo na karapat dapat sa atin. Ang kapareho sa Lucas 6:31 mababasa natin sa Mateo 7:12 "Kaya nga lahat ng mga bagay na ibig ninyong sa inyo'y gawin ng mga tao, gawin naman ninyo ang gayon sa kanila: sapagka't ito ang sa kautusan at ang mga propeta." (Mateo 7:12) Kaya dito ang kautusan at ang mga propeta ay gawin sa iba ang ating tungkulin upang matatanggap natin ang ating mga pribelihiyo at yaon ay pantay sa Diyos, upang ibigin ang iba at upang ibigin ang ating sarili.

"18 Sapagka't katotohanang sinasabi ko sa inyo, Hanggang sa mangawala ang langit at ang lupa, ang isang tuldok o isang kudlit, sa anomang paraan ay hindi mawawala sa kautusan, hanggang sa maganap ang lahat ng mga bagay." (Mateo 5:18) Tunay na kahulugan nito dito ay Amen at siguradong kapag ito'y ginamit sa pasimula ng pangungusap. Ang tuldok ay pinakamaliit na titik sa Hebrew wika. Kudlit ay tuldok na ginagamit upang pag iba ibahin ang mga titik. Ito ay katulad ng isang maliit na sungay o tuldok na ginagamit sa Hebrew wika sa kung saan ang Hebrew mga titik sa ibang mga aspeto ay magkatulad ay naiiba sa isa't isa. Ang kahulugan dito ng tuldok ay kahit ang pinakamaliit na bahagi ng kautusan ay hindi maglalaho. Ang pagsasalapat rin dito, kapag ang alimang tao o isang bansa ay pumunta at at namuhay salungat sa kautusan at naghangad na alisin ang bahaging yaon ng kautusan kahit isang tuldok o kudlit, hindi hahayaan ng Diyos na maganap iyon hangga't ang Langit at lupa ay nakatayo. Kaya dito ang Panginoon ay nagbabala sa mga sumuway kahit sa pinakamaliit na bahagi ng kautusan at ayaw magsisi sila'y hahatulan ng Kautusan ng Diyos na kanilang binalewala. Ibig sabihin din niyan ay ang kawalang-hanggan ng kautusan at wala sa mga ito ang maglalaho rin sa kung ano ang nasa ating mga kamay.

May mga taong umalis mula sa simbahan dahil ayaw nilang gawin ang ilang mga utos, ngunit hindi nangangahulugan na maaari nilang laktawan o pawalang-bisa ang kautusan ng Diyos. Kailangan pa rin nilang sumunod sa Kanyang mga kautusan at batas.

Ang disenyo ni Kristo ay pagkakaayon sa wika ng mga Judio, ay upang ipahayag , na wala sa bahagi ng kautusan, wala ni isa man sa pinakamaliit sa mga utos dito, bilang siya ay nagpapaliwanag sa kanyang sarili ng dapat hindi nakamit; ngunit lahat dapat ay natupad bago ang Langit at lupa ay maglaho.

Ibinigay din ni Jesus sa kanila at sa atin ngayon ang babala na mayroong kahihinatnan ang pagwasak sa kautusan at sa pamumuhay salungat sa Banal na Kasulatan kahit sa pinakamaliit ng kautusan na parang hindi mahalaga sa iba. Ang Banal na Kasulatan kung nasira man, nakalag o natunaw, gaya ng ipinahihiwatig ng Salita dito, kapag ang mga tao'y kumilos salungat sa kanila mailalantad ang kanilang paghatol. Para siraan ang kautusan ay hindi lamang sa masamang halimbawa , kundi sa pagtuturo sa kanila sa pagsuway o gumawa ng mga bagay na salungat sa kautusan ng Diyos. Ang ganoon ay nagbibigay ng higit na babala sa mga nagtuturo ng kautusan ng Diyos na hindi dapat sirain ang kautusan ng Diyos. Sapagkat ang kanilang kalagayan bilang mga guro ay maaring tuksuhin sila na gawin ang ganoon dahil kaya nila, sa paglalagay sa kanilang sarili ng mataas sa Salita ng Diyos at sa ganoon hinatulan nila ang kanilang sarili. Halimbawa * sa mga nagpapahintulot sa kanilang sarili at sa mga taong mag asawang muli tinuturuan nila silang mangalunya. Kapag silay hindi nagiikapu sa kanilang kita at hindi itinuturo sa mga taong magikapu tinuturuan nila silang magnakaw. Sa mga nagtuturo ng ganoon sila'y nasa panganib ng parusa ng Diyos. Kailangan nating ipatupad ang ating itinuturo sa buhay ng simbahan upang ang kautusan ng Diyos ay hindi mawalang bisa o masira.

"19 Kaya't ang sinomang sumuway sa isa sa kaliitliitang mga utos na ito, at ituro ang gayon sa mga tao, ay tatawaging kaliitliitan sa kaharian ng langit: datapuwa't ang sinomang gumanap at ituro, ito'y tatawaging dakila sa kaharian ng langit." (Mateo 5:19) Sa mga

lumalabag sa kautusan ng Diyos at nagtuturo sa mga tao ng katulad, ay tatawaging kaliitliitan sa Kaharian ng Langit, "19 Kaya't ang sinomang sumuway sa isa sa kaliitliitang mga utos na ito, at ituro ang gayon sa mga tao, ay tatawaging kaliitliitan sa kaharian ng langit: datapuwa't ang sinomang gumanap at ituro, ito'y tatawaging dakila sa kaharian ng langit: ang kahulugan dito ng kaharian ng langit, alinman silay kaliitliitan sa simbahan ng Diyos, kung saan sila ay hindi magkakaroon ng pangalan, o lugar; hindi sila magiging pinakamababa, ngunit sila ay itatapon bilang isang walang halagang tao; o sa ibig sabihin ni Jesus dito sa Kaharian ng Diyos, ang tunay na estado ng kaligayahan at kaluwalhatian, sa ibang mundo, kung saan sila'y hindi makakapasok, gaya ng sinabi sa susunod na pahayag, datapuwa't ang sinomang gumanap at ituro, ito'y tatawaging dakila sa kaharian ng langit: ang kahulugan dito ng kaharian ng langit," (Mateo 5:19) Ngunit sa mga gumawa at nagturo ng kautusan ng Diyos sila'y tatawaging pinaka dakila sa Kaharian ng Langit. Ito ay personal na mensahe nang sinabi ni Jesus, kung sinumang gumanap at magturo sa kanila, sila ay lubos na pahahalagahan sa simbahan, at pararangalan sa kabilang buhay sa daigdig na darating, sa walang hanggan. Kaya't si Jesus ay inutusan tayo dito na kailangan nating isabuhay ang kautusan ng Diyos bago natin ituro sa kanila.

Paano natin mauunawan ang mga kaliitliitan sa Kaharian ng Diyos? Alinman na maaring sila ay naligtas ng walang gantimpala at nawala ang lahat ng kanilang pinagpaguran? Yaon ay totoo kapag ang Diyos ay nakialam at wasakin ang mali sa kanilang buhay at gawain at tatanggapin nila ang ginagawa ng Diyos at patuloy na susunod sa Diyos at tanggapin ang kanyang pagtutuwid at disiplina, gaya ng nangyari kay Lot, siya'y naligtas ngunit nawala ang lahat ng kanyang pinagpagalan habang siya'y nanirahan sa Sodom, sapagkat nawala ang kanyang bahay at lahat ng kagamitan, nawala ang kanyang asawa, at nawala ang kanyang mga manugang na lalaki kasama ng kanyang mga anak na babae. Sa tiyak na panahon sisirain ng Diyos ang iyong nakamit habang ikaw at nabubuhay malayo sa Kanya at kailangan mong tanggapin iyon, bumalik sa Kanya at patuloy na maglingkod sa Kanya. Ngayon sa karagdagan maari nating maintindihan ang ibig sabihin ni Jesus sa kaliitliitan sa Kaharian ng Diyis kapag ating binasa, "20 Sapagka't sinasabi ko sa inyo, na kung hindi hihigit ang inyong katuwiran sa katuwiran ng mga eskriba at mga Fariseo, sa anomang paraan ay hindi kayo magsisipasok sa kaharian ng langit." (Mateo 5:20) Narito si Jesus ay nagbabala sa kanila na mawawala ang kanilang kaligtsan, at sila'y hindi makakapasok sa Kaharian ng Diyos, kung sila'y mamumuhay kagaya ng mga Eskriba at ng mga Fariseo na nalalaman ang Salita ng Diyos at hindi isinasabuhay ito.

Sapagka't sinasabi ko sa inyo: Ang mga salitang ito ay nakadirekta, hindi lamang sa mga totoong alagad ni Cristo sa pangkalahatan, o sa kanyang mga apostol sa partikular, kundi sa buong karamihan ng mga tao; na may malaking pagpapahalaga at paghanga sa mga Eskriba at Fariseo, para sa kanilang tila katuwiran at kabanalan; tungkol sa sinabi ni Cristo, na kung hindi hihigit ang inyong katuwiran sa katuwiran ng mga eskriba at mga Fariseo, sa anomang paraan ay hindi kayo magsisipasok sa kaharian ng langit.

Sa aking mahal at minamahal: Binanggit ni Jesus ang mga Eskriba, dahil sila'y may higit natutunan bahagi ng mga tao, na nagtatrabaho sa pagsusulat at pagpapalawak ng kautusan; at ang mga Fariseo, dahil sila ay mahigpit na sekta sa gitna ng mga Judio na panlabas na relihiyon at katuwiran ngunit ang kanilang katuwiran ay lubhang may sala; ito'y nakasalalay sa panlabas na pagsunod sa kautusan at nagmula sa isang dalisay na puso, o sa mga simulain ng biyaya at mula sa pagibig na nais ng Diyos na gamitin nila ang pagsunod at pamumuhay ng kautusan, o ito'y isagawa ng matapat, at sa pananaw ng kaluwalhatian ng Diyos; kundi sa kanilang pansariling papuri, at bukod doon, pinabayaan nila ang mas mahalagang paraan ng kautusan, at kontento sa mas maliit. "Sa aba ninyo, mga eskriba at mga Fariseo, mga mapagpaimbabaw! sapagka't nangagbibigay kayo ng sa ikapu ng yerbabuena, at ng anis at ng komino, at inyong pinababayaang di ginagawa ang lalong mahahalagang bagay ng kautusan, na dili iba't ang katarungan, at ang pagkahabag, at ang pananampalataya: datapuwa't dapat sana ninyong gawin ang mga ito, at huwag pabayaang di gawin yaong iba." (Mateo 23:23), at sila ay nagkukulang sa kanilang pagsasagawa, kaya sila ay lubhang maluwag sa kanilang doktrina, kaya't sinabihan ni Cristo ang Kanyang tagapakinig at tayo ngayon, na sila'y magkaroon ng mas mabuting katuwiran kaysa mga taong ito, kung kanilang aasahang makapasok sa Kaharian ng Langit. Walang papasukin sa Langit ng walang katuwiran; ito ay nawala ang katuwiran na nag alis kay Adam mula sa makalupang paraiso: at ito ay hindi katanggap tanggap sa katarungan ng Diyos, upang tanggapin ang tao sa makaLangit na paraiso ng walang katuwiran; oo, ito ay salungat sa Kanyang kalikasan, at magiging mapanira sa kaaliwan ng mga banal, upang tanggapin ang isang hindi matuwid na tao sa Kanyang kaharian at kaluwalhatian.

Ang ibig sabihin ni Jesus sa, at inyong pinababayaang di ginagawa ang lalong mahahalagang bagay ng kautusan, na dili iba't ang katarungan, at ang pagkahabag, at ang pananampalataya:

1. Katarungan: Ang katarungan ay pinapabayaan kapag ating isinantabi ang isang sapilitang pagkilos, at kapag ating pinahalagahan ang ating sarili kapag mayroon tayong paggalang sa tao na hindi dahil sa awa kundi dahil sa ibang agenda.
2. Pagkahabag: Ang awa ay pinapabayaan kapag tayo'y tumangging maawa sa nagsising tao habang ito'y nasa ating mga kamay para patawarin at ibigay. Ito ay kapag alam natin na ang taong nagsisi at ating pinigilan ang habag.
3. Pananampalataya: Ang pananampalataya ay inaalis kapag pinili ng taong mabuhay ng kanyang buhay at doktrina sa isang plano na hindi ang plano o sa mga paraan ng Diyos. Ang pananampalataya ay pinapabayaan kapag alamn natin na ang ginagawa natin ay pansarili at malayo sa nais ng Diyos sa atin na gawin.

Kaya ang higit ngayon kailangan nating suriin ang ating sarili at ang ating motibo sa likod ng lahat ng mga baga'y na ating ginagawa. Tayo ay lantad sa harapan ng Diyos at kailangan nating hayaan na ng Banal na Espiritu ay ituwid tayo, at tanggapin natin na baguhin ang ating mga paraan at bumalik sa tamang daan na nais ng Diyos na ating pagdaanan.

Ang aking panalangin: Amang Diyos ako ay lumalapit sayo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay mula sa patay noong ikatlong araw upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat sa iyong Salita na makita kong malinaw ang aking mga kasalanan at maling gawain, at ang paraan na kailangang kong isabuhay at maglingkod sayo na maging isang liwanag para sa sanglibutan.

Ipagtapat sa Diyos ang iyong mga kasalanan at talikuran ang mga ito. Hinggin sa Diyos ang kapatawaran para sayong kamunduhan , ayaw mamuhay at tuparin ang Banal na Kasulatan, sa hindi pagiging mabuting halimbawa sa iba, ayaw mamuhay ng may kabanalan na buhay, at ayaw maghirap upang ipalaganap ang Salita ng Diyos at pagiging liwanag sa iba.

Hinggin sa Diyos ang kapatawaran para sa hindi pagpayag magebanghelyo at sa pagtuturo ng mali at pagbabahagi ng maling mensahe sa mga tao, sa pamamagitan ng iyong pagsuway sa Salita ng Diyos at plano sa iyong buhay. Ipagtapat ang iyong mga kasalanan sa Diyos. Panginoon patawarin ako sa sumusunod na mga kasalanan.

Isuko ang iyong buhay at iyong buong pagsunod sa Panginoon sa pagsunod sa Salita ng Diyos na maging liwanag sa sanglibutan upang ipalaganap ang Kanyang Salita at mamuhay bilang isang tunay na alagad ni Jesus at ang paraan na nais Niya sayo na maging.

Panginoon aking ipinapangko ang aking sarili na sumunod sa iyong Salitang ito na aking tinanggap sa mensaheng ito at tumalima sa. Panginoon aking ipinapangko ang aking sarili upang maging liwanag ng sanglibutan at upang ipalaganap ang Iyong Salita sa mga taong nakapaligid hanggang sa katapusan ng mundo. Panginoon aking ipinapangako ang aking sarili sayo, na ibigin ka, na ibigin ang aking kapwa at ibigin ang aking sarili; Panginoon handa akong maging isang mabuting halimbawa sa iba, na ingatan ang iyong Salita, at panatilihin ang iyong katarungan, habag at pananampalataya. Panginoon bigyan ako ng kalakasan at kahinahunan upang pagtiisan ang iyong kalooban sa pag abot sa iba. Panginoon punuin mo ako ng iyong Banal na Espiritu at kunin ako ng buong buo para sayo. Aking isinusuko ang aking buhay at mga plano ng ganap sayo, Panginoon ibigay sa akin ang mga kaloob ng Banal na Espiritu upang ako'y makapunta at maglingkod sayo at magebanghelyo at abutin ang iba at ipalaganqp ang iyong Salita at turuan ang may nais at idisipolo sila.

Panginoon, aking idinadalangin ang aking mga kapatid na Lalaki at Babae na tinanggap ang iyong Salita at handang isabuhay ang kanilang buhay at paglingkuran ka sa paraan na itinalaga mo sa kanila, na maging ilaw para sa sanglibutan at ipalaganap ang iyong Salita sa iba. Panginoon protektahan sila at ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan. Panginoon gumawa ka ng mga himala sa kanila at magawa nilang makamit ang mga proyekto na iyong itinalaga para sa kanila na gawin.

Panginoon pagpalain kami at tustusan kami bilang isang simbahan. Panginoon tulungan kami, protektahan kami, at ibigay ang para sa amin upang patuloy na maglingkod sayo. Panginoon bigyan kami ng higit pang Banal na Espiritu upang makapagebanghelyo at abutin ang bagong mga tao ng Mabuting Balita ni JesuCristo at ng mensahe ng Salita ng Diyos. Panginoon kami'y dumadalangin na paging dapatin mong makapagtanim kami ng bagong pagaaral ng Bibliya at bagong kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaaming lahat sa pangalan ni Jesus. Amen.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirituwal na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi ang mesahe sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iyong iba't ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak o pinansyal, mangyaring malayang makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com